5. **Card Activation at Card Value.** Ang Card ay maaari nang gamitin pagka-isyu ng Bangko. Sa pagtanggap ng Card, dapat (a) lagdaan kaagad ng Cardholder ang signature bar sa likod ng Card nang walang pagkaantala; at (b) palitan kaagad ng Cardholder ang default na PIN na nakasaad sa PIN Mailer ng PIN na pinili ng Cardholder gamit ang mga ATM ng Bangko. Ang halagang maaaring gamitin ng Cardholder ay katumbas lamang ng halagang naka-load sa Card.

Hindi aaprubahan ng Bangko ang anumang transaksyon ng Cardholder kung ang halaga ng transaksyon ay mas malaki kaysa sa kasalukuyang halagang naka-load sa Card. Ang anumang tinanggihang transaksyon dahil sa hindi sapat na balanse ay papatawan ng Declined Transaction Service Fee na isang US Dollar (USD1.00) o katumbas nitong halaga sa Piso, na maaaring i-adjust ng Bangko o Visa pagkatapos abisuhan ang Cardholder.
6. **Pag-load sa Card.** Maliban na lamang kung ang Card ay itinuturing ng Bangko na non-reloadable, ang Cardholder ay maaaring mag-load ng karagdagang halaga sa Card anumang oras at anumang limit na kinakailangan ng Cardholder, basta ang kabuuang halaga na maaaring i-load sa Card ay hindi lamang sa kaukulang halagang pinahihintulutan ng Bangko sa bawat buwan. Ang Cardholder ay dapat gumamit lamang ng cash at katumbas nito sa pag-load sa Card na maaaring gawin sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod: (a) over-the-counter (OTC) sa alinmang Branch ng Bangko; (b) sa anumang ATM ng Bangko o ng ATM Network Participants; at (c) iba pang paraan na maaaring itakda o pahintulutan ng Bangko.
7. **Paggamit ng Card.** Maaaring gamitin ng Cardholder ang Card upang (a) makakuha ng cash o i-redeem ang halaga ng Card; (b) magtanong tungkol sa balanse ng kasalukuyang halaga ng Card; (b) magbayad ng mga bill OTC sa alinmang Branch ng Bangko, o sa pamamagitan ng mga ATM ng Bangko o iba pang mga ATM Network Participants; (c) magbayad para sa mga produkto at serbisyo ng mga accredited merchants sa pamamagitan ng POS Terminals; (d) maglipat ng mga pondo sa pamamagitan ng Inter-Bank Fund Transfer facility (IBFT) at ng Multi-Channel Payment Gateway (MCPG) ng BancNet; at (e) i-access ang iba pang mga pasilidad na inaalok at maaaring ialok ng Bangko sa Cardholder sa pamamagitan ng Card, sa anumang online payment facility, ATM, o POS Terminal. Ang Cardholder ay mananatagot para sa lahat ng mga transaksyong ginawa gamit ang Card.
8. **Accredited Merchants.** Ang Bangko ay may kasunduan sa Visa kung saan ang Card ay tatanggapin sa lahat ng mga accredited merchants ng Visa, sa lahat ng oras. Gayunpaman, ang Bangko ay hindi mananatagot sa Cardholder kung, sa anumang kadahilanan, ang Card ay hindi kinilala ng accredited merchant, ng acquiring bank (merchant bank), o ng Visa. Pinapalaya ng Cardholder ang Bangko sa anumang pananagutan, danyos, o pinsala buhat sa hindi pagtanggap ng Card, o mula sa anumang hindi pagkakasundo ng Cardholder, ng accredited merchant, ng acquiring bank (merchant bank), o ng Visa. Ang mga karapatan at obligasyon ng Cardholder at ng mga accredited merchants ng Visa kaugnay ng mga card transactions ay maaaring makitang mabasa sa <https://www.visa.com.ph/support/consumer/visa-rules.html>.
9. **Foreign Transactions.** Ang transaksyong ginawa sa ibang currency na hindi katulad sa currency na nakatakdang para sa Card ay iko-convert sa halaga ng currency na itinakda para sa Card gamit ang conversion rate ng Visa. Tinatanggap at sinasang-ayunan ng Cardholder na akuin ang mga likas na panganiib ng mga foreign transactions, kabilang, ngunit hindi limitado, sa mga pagkalugi dulot ng pagbabago sa halaga ng currency.
10. **Pag-debit ng Card Value para sa mga Transaksyon.** Ang Bangko ay magde-debit sa kasalukuyang halaga na naka-load sa Card para sa halaga ng anumang pag-redeem, pagbayad, pagbili, o paglipat ng pondo na ginawa ng Cardholder gamit ang Card. Kailangang tiyakin ng Cardholder na may sapat na halaga ang Card para sa transaksyon. Hangga’t maaari, at nang hindi inaalisan ang pananagutan ng Cardholder na maging responsable sa sarili niyang mga transaksyong gamit ang Card, aabisuhan ng Bangko ang Cardholder sa pamamagitan ng short messaging services (SMS) tungkol sa mga piling transaksyong ginawa gamit ang Card. Kapag natanggap ang naturang abiso, kailangang agad na ipagbigay-alam ng Cardholder sa Bangko ang anumang hindi awtorisadong paggamit ng Card at tutulan ang anumang mali o hindi awtorisadong transaksyon ng Card alinsunod sa Seksyon 14 ng Kasunduang ito.
11. **Hindi Awtorisado at Maling mga Transaksyon.** Kinakailangang ipaalam agad ng Cardholder sa Bangko ang anumang mali at hindi awtorisadong transaksyon kaugnay ang Card. I-imbestigahan ng Bangko ang mga naiulat na mali o hindi awtorisadong transaksyong gamit ang lahat ng makukuhang impormasyon at iba pang kaugnay na datos na maaaring hingin ng Bangko mula sa Cardholder. Ganap na makikipagtulungan ang Cardholder sa Bangko sa imbestigasyon, at magbibigay ng kumpleto at tapat na impormasyon ukol sa mga pangyayari kaugnay ng naiulat na mali o hindi awtorisadong transaksyon. Habang hinihintay ang resulta ng imbestigasyon, isasagawa ng Bangko ang lahat ng kinakailangang hakbang upang maprotektahan ang interes ng Cardholder, alinsunod sa umiiral na mga batas at regulasyon. Itatama at ibabalik ng Bangko ang mali o hindi awtorisadong transaksyon, kasama ang anumang kaugnay na charges, kung matapos ang imbestigasyon, ang transaksyon ay mapatunayang hindi dulot ng kapabayaan o kagagawan ng Cardholder. Kung mapatunayan ng Bangko na ang transaksyon ay dulot ng kapabayaan o kagagawan ng Cardholder, ituturing ng Bangko na valid at permanente ang transaksyon, kabilang ang anumang kaugnay na charges na ipinataw dito.
12. **Mga Fees at Charges.** Ang Bangko ay may karapatang magpataw ng service fees at iba pang mga singilin para sa pag-isyu at paggamit ng Card, gaya ng mga bayad sa ATM, bayad sa mga transaksyong gamit ang ibang currency, o anumang karagdagang bayarin na kinokolektang mga ATM Network Participants, BancNet, at Visa. Ang Bangko ay may karapatang mag-debit mula sa halagang naka-load sa Card ng service fees at iba pang mga singilin na kasalukuyang ipinapataw o maaaring ipataw ng Bangko sa hinaharap.

Kung hindi sapat ang halagang naka-load sa Card at hindi mabayaran ng Cardholder ang alinman sa mga kaukulang bayarin ayon sa Kasunduang ito, ang Card ay kakanselahin, at anumang natitirang balanse dito ay gagamitin bilang pambayad sa mga hindi pa nababayaranang fees.
13. **Statement of Account.** Sa written request ng Cardholder, mapatapos bayaran ang kaukulang charges, ibigyan ng Bangko ang Cardholder ng Statement of Account na naglalaman ng transaction history ng Card para sa isang partikular na panahon.
14. **Obligasyon ng Cardholder.** Dapat gamitin ng Cardholder ang Card alinsunod sa Kasunduang ito. Ang Cardholder ay dapat gawin ang lahat ng makatuwirang hakbang upang mapanatili ang integridad ng Card at ang pagiging kumpidensyal ng PIN, at upang maiwasan ang hindi awtorisadong paggamit ng Card. Dapat agad na ipagbigay-alam ng Cardholder sa Bangko sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Service Helplines ng Bangko sa (+632) 8721-6000 o (+632) 8672-6300, o sa pamamagitan ng pagpapadala ng e-mail sa customer.service@sterlingbankasia.com, pagkatapos malaman ang alinman sa mga sumusunod: (a) pagkawala ng Card o PIN; (b) posibilidad na na-expose ang Card o PIN sa hindi awtorisadong paggamit; at (c) anumang hindi awtorisadong transaksyon, pagkakamali, o irregularidad sa paggamit ng Card. Kung ang naturang abiso ay naipapadala sa pamamagitan ng telepono, kailangang kumpirmahin ito ng Cardholder sa pamamagitan ng nakasulat na pahayag sa loob ng dalawampung (24) na oras matapos ang paunang abiso. Ang Bangko ay walang pananagutan sa anumang hindi awtorisadong transaksyon bago nito matanggap ang abiso tungkol sa pagkawala o pagka-expose ng Card o PIN sa hindi awtorisadong paggamit.

Dapat ding ibalik agad ng Cardholder sa Bangko ang anumang halagang nauugnay sa: (a) labis na pag-credit; (b) maling pag-credit; (c) maling pag-post o hindi pag-post ng mga transaksyong ng Card; o (d) iba pang dahilan, kabilang ang mga pagkakamali sa sistema at mga pasilidad ng komunikasyon. Binibigyan ng awtorisasyon ng Cardholder ang Bangko na i-debit mula sa halagang naka-load sa Card ang anumang maling pag-credit o pag-post, kasama ang lahat ng gastusin, bayarin, at danyos na maaaring matamo ng Bangko, matapos ang paunang abiso sa Cardholder. Kung hindi maaaring i-debit ang Card sa anumang dahilan, maaaring gamitin ng Bangko ang iba pang legal na hakbang upang mabawi nang buo ang maling na-credit o nai-post na halaga.
15. **Disputes at Chargebacks.** Anumang disputes at chargeback claims ay pamamahalaan ng mga alituntunin at regulasyon ng Visa na maaaring tingnan at basahin sa <https://www.visa.com.ph/support/consumer/visa-rules.html>.
16. **Pananagutan sa Phishing at Hacking.** Bagama’t may mga mekanismo ang Bangko upang mapanatiling ligtas at protektado ang halagang naka-load sa Card, hindi nito ganap na maaalis ang posibilidad ng security breach. Nauunawaan ng Cardholder na ang Card o ang sistema ng Bangko ay maaaring ma-hack at ma-phish gamit ang mga aparato, mekanismo, o iba pang pamamaraang maaaring magbigay-daan sa mga hindi awtorisadong tao na magkaroon ng access dito. Samakatuwid, kailangang gawin ng Cardholder ang lahat ng makatuwirang hakbang upang maiwasan ang hacking at phishing sa pamamagitan ng pagprotekta sa lahat ng impormasyong may kaugnayan sa Card, PIN Mailer, at PIN. Ang Cardholder ay mananatagot sa anumang mali at hindi awtorisadong transaksyon at pananatilihang walang pananagutan ang Bangko laban sa anumang pagkalugi, pinsala, gastusin, pananagutan, at iba pang kaugnay na halaga kung ang Card o ang halagang naka-load dito ay ma-hack o ma-phish bilang resulta ng pagkakamali, kapabayaan, o kagagawan ng Cardholder.

17. **Pagpapalit ng Card.** Kung ang Card ay nawala o ninakaw, mag-iisya ang Bangko ng bagong Card sa Cardholder pagkatapos nitong matugunan ang mga requirements ng Bangko, kabilang ang pagsusumite ng affidavit of loss. Papalitan din ng Bangko ang nasira o depektibong Card na hindi pa-expired sa kahilingan ng Cardholder. Ang pag-iisya ng kapalit na Card ay nakadepende sa pagbabayad ng mga service fees at iba pang mga requirements na maaaring itakda ng Bangko.

Kung ang Card ay nakompromiso, o may dahilan ang Bangko upang maniwala na ang Card ay nakompromiso, ito ay iblo-block, at mag-iisya ang Bangko ng kapalit na Card nang walang bayad, alinsunod sa pagsumite ng mga requirements na maaaring itakda ng Bangko.

18. **Hindi Nakuhang Card at PIN Mailer Form.** Itatago at iingatan ng Bangko ang anumang inisyu ngunit hindi pa nakukuhang Card at PIN Mailer sa loob ng maximum na isang (1) buwan mula sa date of issue ng Card. Kapag lumagpas na sa prescribed period, agad na sisirain ng Bangko ang hindi nakuhang mga Card at PIN Mailer. Kung hindi makukuha ng Cardholder ang Card at PIN Mailer sa loob ng prescribed period, kinakailangang mag-apply muli ng Cardholder, alinsunod sa mga kaukulang service fees, kung nais muli ng Cardholder na kumuha ng bagong Card.

19. **Pagpayag ng Kliyente sa Paggamit at Pag-disclose ng Impormasyon.** Sinisiguro ng Cardholder na ang lahat ng impormasyong ibinigay ng Cardholder sa aplikasyon at iba pang mga form, pati na rin ang lahat ng dokumentong natanggap ng Bangko mula sa Cardholder, ay kumpleto, totoo, at tama, at na ang lahat ng mga pirma roon ay tunay. Ang Cardholder ay pumapayag sa pagsusuri at paggamit ng Bangko ng lahat ng impormasyon o datos na nakuha mula sa Cardholder, o mula sa paggamit ng Cardholder ng mga produkto, serbisyo, at pasilidad ng Bangko, upang: (a) tiyakin ang pagkakakilanlan ng Cardholder; (b) i-proseso ang mga transaksyon ng Cardholder; (c) i-market o mag-cross-sell ng mga produkto ng Bangko; (d) isagawa ang mga tungkulin ng Bangko, kabilang ang pagpapanatili at pagsusuri ng mga panloob na kontrol, risk management, at mga sistema at proseso ng pamamahala ng Bangko; o (e) mapabuti ang mga serbisyo ng Bangko.

Binibigyan ng awtorisasyon ng Cardholder ang Bangko na ibahagi ang nabanggit na impormasyon sa: (a) mga direktor, opisyal, at empleyado ng Bangko, kabilang ang mga abogado at auditor, na kailangang magkaroon ng access sa nabanggit na impormasyon upang magsagawa ng kanilang mga tungkulin; (b) mga third party, ahente, o service provider na kontraktwal na nagbibigay ng iba't ibang mahahalagang serbisyo para sa Bangko; (c) iba pang mga institusyong pinansyal at mga mangangalakal ayon sa karaniwang kasanayan sa industriya ng pagbabangko; (d) mga regulator ng gobyerno, mga ahensya, kagawaran, entidad, o hukuman ayon sa kinakailangan o pinapayagan ng mga batas o regulasyon; o (e) iba pang mga tao o entidad na may karapatang tumanggap ng naturang impormasyon kapag kinakailangan, tulad ng kapag ang Bangko ay kasapi ng anumang ATM network o electronic fund at card network, o kapag ang Bangko ay nag-a-outsource ng mga tungkulin nito ayon sa pinapayagan ng Bangko Sentral ng Pilipinas.

Kung ang impormasyon ay nauugnay sa personal, sensitibo, o pribilehiyadong impormasyon tulad ng itinakda sa Republic Act No. 10173 (Data Privacy Act of 2012), ang Cardholder ay pumapayag sa pagproseso ng naturang impormasyon hangga't ito ay: (a) para sa lehitimong interes ng Bangko, (b) kailangan upang sundin ang mga tagubilin ng Cardholder: o (c) kailangan upang makasunod ang Bangko sa mga batas at regulasyon ng mga awtorisadong ahensya ng gobyerno. Pangangalagaan ng Bangko ang lahat ng impormasyon na ibinigay ng Cardholder mula sa hindi awtorisadong paglanta at paggamit alinsunod sa mga naaangkop na batas ukol sa confidentiality at data privacy.

20. **Pag-update ng Impormasyon.** Dapat na ipagbigay-alam agad ng Cardholder sa Bangko, sa pamamagitan ng pagsulat, ang anumang pagbabago sa mga impormasyong nakasaad sa mga rekord ng Cardholder sa Bangko. Ituturing ng Bangko ang hindi pagsumite ng Cardholder ng mga updated na impormasyon at mga bagong dokumento bilang kumpirmasyon na ang mga impormasyon at dokumento na hawak ng Bangko ay nananatiling angkop sa kasalukuyan, valid, at epektibo. Dapat bayaran ng Cardholder ang Bangko para sa anumang pinsala, pananagutan, pagkawala, o demanda na maaaring magmula sa naturang pagpapalagay.

21. **Mga Katanungan at Suliranin.** Maaaring makipag-ugnayan ang Cardholder para sa anumang katanungan o suliranin tungkol sa Card o anumang kaugnay na produkto, serbisyo, at pasilidad sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Service Helpline ng Bangko sa (+632) 8721-6000 o (+632) 8672-6300, o sa pagpapadala ng e-mail sa customer.service@sterlingbankasia.com. Lahat ng mga katanungan o suliranin ay ituturing na confidential at urgent, at ang mga ito ay itatala, susuriin, at iimbestigahan. Magpapadala ang Bangko ng kumpirmasyon na natanggap nito ang katanungan o suliranin sa loob ng dalawang (2) araw matapos itong ipadala ng Cardholder. Sasagutin o lulutasin ng Bangko ang mga simpleng katanungan o suliranin sa loob ng siyam (9) na araw mula sa pagkakatanggap nito. Sasagutin o lulutasin naman ng Bangko ang mga komplikadong katanungan o suliranin sa loob ng apatnapu't pitong (47) araw mula sa pagkakatanggap ng nito. Para sa layuning ito, ang isang katanungan o suliranin ay ituturing na komplikado kung ang pagsusuri, beripikasyon, o imbestigasyon ay nangangailangan ng interbensyon ng isang third party. Ipapaalam ng Bangko sa Cardholder kung kinakailangan nito ng karagdagang oras upang lutasin ang katanungan o suliranin at ipapaliwanag ang dahilan ng paghingi ng palugit. Sasagutin o lulutasin ng Bangko ang nasabing katanungan o suliranin sa loob ng apatnapu't limang (45) araw pagkatapos nitong abisuhan ang Cardholder. Ipapaalam ng Bangko ang resulta ng imbestigasyon nito sa Cardholder. Sumasang-ayon ang Cardholder na ang resulta ng imbestigasyon ng Bangko ay final at conclusive kahit na ito ay pabor o hindi pabor sa kanya.

Dahil ang Bangko ay regulated ng Bangko Sentral ng Pilipinas, maaari ring makipag-ugnayan ang Cardholder sa Bangko Sentral ng Pilipinas - Financial Consumer Protection Department para sa mga katanungan at suliranin sa pamamagitan ng pagtawag sa (+632) 8708-7087 o pagpapadala ng e-mail sa consumeraffairs@bsp.gov.ph.

22. **Termination at Pagkansela ng Bangko.** Maaaring agad na i-terminate o kanselahin ng Bangko ang Kasunduan at ang Card, ayon sa sarili nitong pagpapasya at nang walang paunang-abiso sa Cardholder, kapag naganap ang alinman sa mga sumusunod na pangyayari:

- a. Ang Cardholder ay nabigong isumite, sa loob ng itinakdang panahon, ang anumang dokumentong hinihingi ng Bangko, o hindi tumalima sa iba pang kinakailangan ng Bangko;
- b. Nadiskubre ng Bangko, matapos bigyan ang Cardholder ng pagkakataong magpaliwanag, na ang Cardholder ay nagsumite ng anumang impormasyon o dokumento na hindi totoo, hindi wasto, mali o hindi ma-verify;
- c. Ang Bangko ay nagpasya, matapos bigyan ang Cardholder ng pagkakataong magpaliwanag, na ang Card ay ginagamit para sa mga ilegal o mapanlinlang na layuning;
- d. Nagpagpasyahan ng Bangko na ang patuloy na paggamit ng Card ay makakasama sa interes nito o magdudulot ng labis na panganib;
- e. Ipinag-utos ang Bangko Sentral ng Pilipinas, Anti-Money Laundering Council, o iba pang naaangkop na ahensya ng gobyerno, opisina, hukuman, o awtoridad ang termination ng Kasunduang ito at pagkansela ng Card; o
- f. Anumang iba pang pangyayari o sitwasyon na kahalintulad ng alinman sa mga nabanggit.

Ipapaalam ng Bangko sa Cardholder sa pamamagitan ng pagsulat ang tungkol sa termination o pagkansela ng Kasunduan at ng Card. Kapag na-terminate o kinansela ang Kasunduan at ang Card, ipapadala ng Bangko sa Cardholder ang kasalukuyang halaga na naka-load ng Card, kung mayroon man. Pinagtitibay ng Cardholder ang awtoridad ng Bangko na iulat ang termination ng Kasunduan at pagkansela ng Card pati na rin ang mga dahilan nito sa Bangko Sentral ng Pilipinas, Anti-Money Laundering Council, Banker's Association of the Philippines, o iba pang naaangkop na ahensya ng gobyerno, opisina, hukuman, o kagawaran. Ang Bangko ay hindi mananatog sa anumang claim, gastos, pagkalugi, o pinsala na nagmumula sa o kaugnay sa pag-papatupad ng Bangko ng mga karapatan o tungkulin nito sa ilalim ng Seksyon 22 ng Kasunduang ito.

23. **Pag-suspinde ng Bangko.** Maaaring agad na suspendihin ng Bangko ang Card, ayon sa sarili nitong pagpapasya at nang walang paunang-abiso sa Cardholder, kapag nangyari ang alinman sa mga sumusunod:

- a. Nakatanggap ang Bangko ng, o napag-alaman ng Bangko na may, freeze order, asset preservation order, o iba pang katulad na order o notices na nag-uutos sa preservation ng Card sa ilalim ng Republic Act No. 9160 (Anti-Money Laundering Act of 2001), Republic Act No. 11479 (Anti-Terrorism Act of 2020), at iba pang katulad na mga batas o regulasyon;
- b. Natanggap ng Bangko ang impormasyon tungkol sa pagkamatay ng Cardholder; o
- c. Nakatanggap ang Bangko ng reklamo mula sa ibang bangko o mula sa isang third party tungkol sa isang pinagtatalunang transaksyon, at may dahilan ang Bangko na maniwala na ang pinagtatalunang transaksyon ay (i) hindi pagkaraniwan; (ii) walang malinaw na layuning pang-ekonomiya; (iii) nanggaling sa hindi kilala o sa ilegal na pinagmulan, o sa isang ilegal na gawain; o (iv) nagmula sa mga social engineering schemes.

Suspendihin pansamantala ng Bangko ang Card sa loob ng panahong itinatakda ng batas, o kung walang ganoong batas, sa loob ng panahong nakasaad sa mga patakaran ng Bangko. Ang suspensyon ng Card ay i-lilift lamang ng Bangko (a) kapag nakatanggap ang Bangko ng order mula sa Anti-Money Laundering Council o isang competent court, quasi-judicial agency, o government instrumentality na i-lift ang freeze order o iba pang katulad na order; o (b) nagsumite ang Cardholder o ang mga heirs, assigns at successor-in-interest nito, ng mga requirements na itinatakda ng Bangko.

24. **Termination at Pagkansela ng Cardholder.** Maaaring wakasan ng Cardholder ang Kasunduang ito at kanselahin ang Card anumang oras sa pamamagitan ng pagsulat sa Bangko. Ipapaabot ng Bangko sa Cardholder ang kasalukuyang halaga na naka-load sa Card, bawas ang halaga ng Card, kung mayroon man, alinsunod sa Seksyon 22 ng Kasunduang ito.

25. **Walang Pananagutan.** Ang Bangko ay hindi mananatog sa anumang pagkawala o ano mang uri ng pananagutan, danyos, o pinsalang kaugnay ng mga transaksyong ginamit ng Cardholder ang Card sa alinman sa mga sumusunod na pagkakataon: (a) pagkaantala, pagkabigo, o anumang aberya sa transaksyon ng Card na dulot ng mga pangyayaring hindi kasalanan o kapabayaang ng Bangko; (b) pinsala na maaaring maranasan ng Cardholder dahil sa anumang mapanlinlang o hindi awtorisadong paggamit ng Card bunga ng pagnanakaw, hindi awtorisadong paglalantad ng PIN, o paglabag sa iba pang mga security measures na nagmula sa sariling kapabayaang o pagkakamali ng Cardholder; at (c) anumang direkta o hindi inaasahang pinsala, pagkawala ng kita, o pinsala na maaaring maranasan o maranasan ng Cardholder dahil sa kanyang pagkabigo o kawalan ng kakayahang gamitin nang maayos ang Card.

26. **Pananagutan sa Mga Gawa ng mga Ahente.** Ang Bangko ay mananatog kasama ang mga accredited o awtorisadong ahente nito para sa anumang kilos o pagkukulang ng mga ito na may kaugnayan sa marketing at promotion ng Card, pati na rin sa pagproseso ng aplikasyon ng Cardholder.

27. **Mga Abiso.** Lahat ng komunikasyon na ipinadala sa Cardholder sa pamamagitan ng koreo, telepono, fax, electronic mail, short o multimedia messaging services, o iba pang digital o elektronikong paraan gamit ang contact information na ibinigay ng Cardholder sa Bangko ay ituturing na wasto at epektibong abiso sa Cardholder para sa lahat ng layuning legal.

Ang Bangko ay hindi mananatog sa anumang pagkawala, pananagutan, danyos, o pinsalang maaaring maranasan ng Cardholder dulot ng hindi pagkatanggap o hindi pagkilos ng Cardholder sa naturang abiso, basta't naipadala ng Bangko ang abiso sa huling ibinigay na residential, opisina, o electronic mail address, o landline o mobile number ng Cardholder.

28. **Pag-susog o Pag-amyenda.** Maaaring baguhin ng Bangko ang Kasunduang ito anumang oras. Maliban kung ang pagbabago ay iniutos ng Bangko Sentral ng Pilipinas na magkabisa agad, ang Bangko ay magbibigay muna ng abiso sa Cardholder tungkol sa pagbabago sa pamamagitan ng koreo, publikasyon, pag-post sa mga pasilidad o website ng Bangko, o anumang ibang paraan na itututuring na epektibo ng Bangko, kabilang ang mga digital at elektronikong paraan alinsunod sa mga naaangkop na batas o regulasyon, bago ang epektibong petsa ng pagbabago. Kung ang Cardholder ay tumutol sa pagbabago, o hindi nakatanggap ng kinakailangang abiso, ang Cardholder ay may karapatan na humiling ng termination ng Kasunduang ito at pagkansela ng Card. Ipapadala ng Bangko sa Cardholder ang kasalukuyang balanse ng Card, kung mayroon man, alinsunod sa Seksyon 22 ng Kasunduang ito.

29. **Ang Pagsunod sa mga Umiiral na Batas at Kasunduan.** Pinagtitibay ng Cardholder na ang paggamit ng Card, partikular ang paglilipat o pagtanggap ng pondo, ay hindi lalabag sa mga naaangkop na probisyon ng Anti-Money Laundering Law at mga amyenda nito, pati na rin sa iba pang mga kaugnay na batas, mga patakaran o regulasyon ng gobyerno. Pinapalaya at pinapawalang-pinsala ng Cardholder ang Bangko mula sa anumang pananagutan na maaaring idulot ng paglabag ng Cardholder sa mga nabanggit na batas o mga patakaran o regulasyon ng gobyerno. Kung ang Cardholder ay gumagamit ng Card para sa payroll, ang Cardholder ay magiging saklaw din ng mga termino na nakasaad sa Cash Management Account Agreement sa pagitan ng Bangko at ng employer ng Cardholder.



Printed Name and Signature of the Cardholder / Date